Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

12 Oktubre 2025 | Ika-28 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

LINGGO NG MGA TAONG KATUTUBO / ARAW NG MATINDING KAHIRAPAN

# KALUGUD-LUGOD NA PAGPAPASALAMAT SA DIYOS



*Ipinagmamalaki nating mga Pilipinong tayo'y marunong tumanaw ng utang na loob sa mga tulong o biyayang natatanggap. Ang ganitong magandang pagpapahalaga ay pinupuri ni Hesus sa Ebanghelyo ngayon.*

*Kaya nga lamang kung minsan, samantalang tayo'y handang magpasalamat sa mga tao, di naman tayo gasinong nagpapasalamat sa Diyos, na pinakadakila nating Tagapagpala. Nagpapasalamat sa Diyos ang tunay na Kristiyano bilang indibiduwal at bilang kabahagi ng pamayanan, lalo na sa pagdiriwang ng Eukaristiya, ang pinakadakilang pagpapasalamat sa Diyos.*

*Magpasalamat tayo sa natatanging paraan para sa ating mayamang pamanang pangkalinangan, habang ipinagdarasal ang mga kapatid nating etniko ngayong Linggo ng mga Taong Katutubo.*

## PASIMULA

### Pambungad

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

**Kapag iyong tinandaan**
**lahat ng aming pagsuway,**
**kami kaya ay tatagal?**
**Kaya't ika'y mapagbigay**
**at maawaing Maykapal.**

***(Sal 130, 3-4)***

### Pagbati

***P*** – Ang biyaya at kapayapaan ng Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

***B*** – **At sumaiyo rin.**

### Pagsisisi

***P*** – Sa paghahanda nating magalay ng Eukaristiyang dakilang pagpapasalamat, alalahanin natin ang ating mga kasalanan, lalo na ang kawalan ng utang na loob. *(Manahimik sandali.)*

***P*** – Para sa pagkukulang naming magpasalamat sa iyong pagiging mapagbigay, Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** – Para sa mga pagkakataong di namin pinansin ang iyong pagmamahal at pagpapatawad, at sa pagpapabaya naming magpakabuti, Kristo, kaawaan mo kami.

***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami.**

***P*** – Para sa mga pagkakataong di namin pinansin ang aming kapwa, lalo na ang mga kamag-anak at mga kaibigan, at sa pagkukulang na sila'y pasalamatan, Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen.**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

### Panalanging Pambungad

*P–* Ama naming makapangyarihan, ang iyo nawang kagandahang-loob ay manguna at sumubaybay sa aming pamumuhay ngayon at araw-araw upang kami'y itaguyod sa paninindigang gumawa ng kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* – **Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *2 Hb 5, 14-17*

*Ang magandang halimbawa ng pagtanaw ng utang na loob at pagpapakumbaba ni Naaman ay pangganyak sa ating tumulad sa gayong mga kabaitan kailanma't nakakatanggap tayo ng biyaya sa Panginoon o sa ating kapwa.*

*L* – Pagbasa mula sa Ikalawang Aklat ng mga Hari

**Noong mga araw na iyon, si Naaman ay lumusong sa Ilog Jordan at lumubog nang pitong ulit. At tulad ng sinabi ni Eliseo, nanauli sa dati ang kanyang katawan at kuminis mula sa ketong ang kanyang balat, tulad ng balat ng sanggol.**

**Si Naaman at ang kanyang mga kasama ay nagbalik kay Eliseo. Sinabi niya, "Ngayo'y napatunayan kong walang ibang diyos sa ibabaw ng lupa kundi ang Diyos ng Israel. Narito, pagdamutan ninyo itong maliit kong nakayanan." Ngunit sinabi ni Eliseo, "Buhay ang Panginoong Diyos na aking pinaglilingkuran. Hindi ako tumatanggap kahit ano." Pinilit siya ni Naaman ngunit nagpakatanggi-tanggi siya.**

**Dahil dito, sinabi ni Naaman, "Kung ayaw ninyo itong tanggapin, maaari po ba namang kargahan ko ng lupa rito ang dalawa kong kabayo? Mula ngayon, hindi na ako maghahandog sa ibang diyos maliban sa Panginoon."**

Ang Salita ng Diyos.
*B* – **Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan**
*(Sal 97, 1. 2-3ab. 3kd-4)*

*B* – ***Panginoong nagliligtas sa tanang bansa'y nahayag.***

*R. M. Velez*




* **Umawit ng bagong awit at sa Poon ay ialay, pagkat yaong ginawa n'ya ay kahanga-hangang tunay! Sa sariling lakas niya at taglay na kabanalan, walang hirap na natamo yaong hangad na tagumpay.** ***B.***

* **Ang tagumpay niyang ito'y siya na rin ang naghayag, sa harap ng mga bansa'y nahayag ang pagliligtas. Ang pangako sa Israel lubos niyang tinutupad.** ***B.***

* **Tapat siya sa kanila at ang pagibig ay wagas. Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay namalas! Magkaingay na may galak, yaong lahat sa daigdig; ang Poon ay buong galak na purihin sa pag-awit!** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa**
*2 Tim 2, 8-13*

*Katapatan kay Hesukristo sa lahat ng pangyayari sa buhay ay siyang tanda ng tunay na pagiging alagad. Gayon ang halimbawa ni San Pablo at lahat ng ibang santo. Gayon din ang marapat na maging tatak ng ating buhay.*

*L* – Pagbasa mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo kay Timoteo

**Pinakamamahal ko: Alalahanin mo si Hesukristo, ang nagmula sa angkan ni David at ang muling nabuhay. Ito ang Mabuting Balitang ipinangangaral ko, ang dahilan ng aking pagdurusa hanggang sa magapos na tulad ng isang salarin. Ngunit hindi maigagapos ang salita ng Diyos. Pinagtitiisan ko ang lahat ng bagay alang-alang sa mga hinirang ng Diyos upang magtamo rin sila ng kaligtasang mula kay Kristo Hesus, at ng walang hanggang kaluwalhatian.**

**Narito ang kasabihang mapanaligan: "Kapag tayo'y namatay na kalakip ni Hesukristo, walang salang mabubuhay na kasama niya tayo; kung tayo man ay magtiis ng hirap sa mundong ito, maghahari naman tayong kapiling ng ating Kristo.**

**Kapag siya'y itinakwil sa harapan ng mga tao pagdating ng takdang araw, itatakwil niya tayo. Kung tayo ma'y hindi tapat, si Kristo ay tapat pa rin sapagkat ang sa kanya ay hindi niya itatakwil."**

Ang Salita ng Diyos.
*B* – **Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** *1 Tes 5, 18*

*B* – **Aleluya! Aleluya!
Ang D'yos Ama'y naghahangad lagi tayong pasalamat kaisa ng kanyang Anak.
Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Lu 17, 11-19*

*Pananalig at utang na loob ang itinatampok sa Mabuting Balita ngayon. Ang pananalig ay siyang kundisyon para sa paggaling at kaligtasan. Utang na loob naman ang nagpapadakila sa nakatanggap at ikinalulugod ng nagbigay. Pinuri ni Hesus ang pagpapasalamat ng kaisa-isang Samaritano habang ipinagdamdam niya ang kawalan ng utang na loob ng siyam na ketonging di man lamang nagpasalamat sa nagpagaling sa kanila.*

*P–* Sumainyo ang Panginoon.
*B* – **At sumaiyo rin.**
*P* – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
*B* – **Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sa paglalakbay ni Hesus patungong Jerusalem, nagdaan siya sa hangganan ng Samaria at Galilea. Nang papasok na siya sa isang nayon, siya'y sinalubong ng sampung ketongin. Tumigil sila sa malayu-layo at humiyaw ng: "Hesus! Panginoon! Mahabag po kayo sa amin!" Nang makita sila ay sinabi niya, "Humayo kayo at pakita sa mga saserdote." At samantalang sila'y naglalakad, gumaling sila.**

**Nang mapuna ng isa na siya'y magaling na, nagbalik siyang sumisigaw ng pagpupuri sa Diyos. Nagpatirapa siya sa paanan ni Hesus at nagpasalamat. Ang taong ito'y Samaritano. "Hindi**

**ba sampu ang gumaling?" tanong ni Hesus. "Nasaan ang siyam? Wala bang nagbalik at nagpuri sa Diyos kundi ang dayuhang ito?" Sinabi ni Hesus sa kanya, "Tumindig ka't humayo sa iyong lakad! Pinagaling ka dahil sa iyong pananalig."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

***B* – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

### Homiliya

### Sumasampalataya

***B* –** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

### Panalangin ng Bayan

***P*** – Gaya ng mga ketongin sa Mabuting Balita ngayon na napagaling ng kanilang pananampalataya, pakumbaba't nananalig tayong dumulog sa Panginoon kasama ng ating mga kahilingan:

***B* – Panginoon, pinupuri Ka namin.**

* Para sa Simbahan ang pamayanan ng mga sumasampalataya: nawa, manatili Siyang maningning na halimbawa ng pananampalataya't pagpapasalamat. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa Santo Papa, mga Obispo, at lahat nating mga pinunong espirituwal: nawa, lagi silang ma-ging tanda at kasangkapan ni Hesus na tumulong sa mga maysakit at mahihirap. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga namumuno sa pamahalaan: nawa, dinggin nila ang panga-ngailangan ng bayan at maagap nila itong tugunan bilang pagtupad sa kanilang tungkuling maglingkod. Manalangin tayo. ***B***

* Para sa mga magulang at lahat ng may kinalaman sa edukasyon at Kristiyanong paghubog ng kabataan: nawa, maikintal nila sa bagong henerasyon ang isang matibay na pananalig at tunay na pagpapasalamat sa salita at sa gawa. Manalangin tayo. ***B.***

***P*** – Panginoong bukal ng lahat ng kabutihan at lakas, pinasasalamatan Ka namin sa Iyong pagiging mapagbigay at sa pagtanggap Mo sa amin gayong di kami karapat-dapat. Patuloy Mo kaming tulutang maglingkod sa Simbahan bilang mga kapatid ni Hesus, na Iyong Anak na nabubuhay at naghahari nang walang hanggan.

***B* – Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P* –** Manalangin kayo . . .

***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P* –** Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang aming mga panalangin na sumasaliw sa aming paghahain upang sa ginaganap naming pagdiriwang kami'y makatawid sa kaluwalhatian sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen.**

### Prepasyo IV

***P* –** Sumainyo ang Panginoon.

***B* – At sumaiyo rin.**

***P* –** Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

***B* – Itinaas na namin sa Panginoon.**

***P* –** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

***B* – Marapat na siya ay pasalamatan.**

***P* –** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

***B* – Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

## PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**

***P* –** Hinihiling namin . . .

***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

*P* – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*** **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Kahit mga mayayaman**
**ay nagugutom din naman,**
**ngunit pinapakinabang**
**ng Panginoon ang tanang**
**sa kanya'y naglalapitan.**

***(Sal 34, 10)***

### Panalangin Pagkapakinabang

*P*–Ama naming mapagmahal, ngayong kami'y iyong pinapakinabang sa Katawa't Dugong banal iniluluhog namin sa dakila mong kabutihan sa tanan na kami'y gawin mong kasalo sa iyong buhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen.**

## PAGWAWAKAS

*P* –Sumainyo ang Panginoon.

***B*** **–At sumaiyo rin.**

*P* –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*

–Nawa'y bigyan kayo ng pagpapahalaga ng Panginoon sa maraming palatandaan ng kabutihan at pagmamahal sa mga taong nakapaligid sa inyo.

***B*** **–Amen.**

*P* –Nawa'y itanim Niya sa inyo ang isang taos-pusong pasasalamat kahit sa pinakamaliit na palatandaan ng paglilingkod at pagmamahal na inyong natatanggap.

***B*** **–Amen.**

*P* –Pagpalain nawa kayo ng Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B*** **–Amen.**

*P* –Humayo kayo sa kapayapaan para mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

***B*** **–Salamat sa Diyos.**







WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# ANG KAGANDAHAN NG PAGPAPASALAMAT

*• Jess P. Balon*

Para sa marami, ang salitang "salamat" ay mahirap bigkasin di dahil sa ano pa mang kapansanan sa pagsasalita, kundi sa kakulangang moral na ikinapaparalisa ng kanilang mga kalooban. May ilang mabilis makiusap ngunit mabagal namang magpakita ng pasasalamat pagkatapos na sila'y mapagbigyan.

Ang siyam na ketonging napagaling ni Hesus at nakalimot na sa tumulong sa kanila ay maliit na bahagi lamang ng napakaraming ***taong walang utang na loob***. Ipinagpapalagay lamang nila ang mga tao kahit na nangahulugan ng malaking sakripisyo ang tinanggap na kabutihan o paglilingkod. Ipinagpapalagay nila ang Diyos – ang Kanyang kaloob na nilikha, ang kanilang pagkatao at kabutihan ng kaluluwa at katawan. Ipinagpapalagay ***nila ang Kanyang biyaya, ang Simbahan, mga sakramento, buhay na walang hanggan!***

Ang mga taong walang utang na loob ay napakabulag, napakabingi, walang pakiramdam, mapagmataas para magpasalamat kaninuman, pati na sa Diyos. Tiyak na ikalulungkot ng Diyos ang kawalan ng utang na loob.

Para sa ilan, ang ***pagpapasalamat*** ay likas at kusang-loob. Gayunman, para sa karamihan sa atin, ***ito ay katangiang unti-unting nalilinang,*** gaya ng kababaang-loob, pagkabukas-palad at katapatan, na pawang mga kabaitang pinagbabatayan nito. Dapat tayong matutong maging malingap sa pagtugon sa pinakamaliit mang tanda ng kabutihan sa atin. Dapat tayong matutong magpahalaga sa ginagawa sa atin ng ating kapwa at ng Diyos. ***Sa katunayan, ang gayong kamalayan ay nakapagpapayaman sa atin gaya ng kamalayang tayo'y minamahal, at ng pagmimithing tayo'y mahalin.*** Ang pagtanaw ng utang na loob ay isang anyo ng pagmamahal – pagmamahal na ibinalik – isang simpleng paraan ng pagiging dakila. Isang dakilang paraan ng pagiging makatao.

***Napakarami ang paraan ng pagpapasalamat.*** Maaari itong isang maikling sulat, ngiti, pakikipagkamay, pagsuyo, ulilang luha, pagpapahayag sa tamang oras, o isang salitang hindi na sinabi pa kapag gayon ang higit na makabubuti.

Ano man ang maging anyo nito, ang pagtanaw ng utang na loob kailanma'y hindi maaaring panandaliang kapormalan lamang, kung hindi ito'y isa lamang pagkukunwari. Sa gayon, wala itong iniwan sa kawalan na rin ng pagpapasalamat. ***Ang tunay na pagpapasalamat ay nakaugat sa kaibuturan ng "puso" ng isang tao.*** Pagpapasalamat ang tatak ng buhay ng isang taong tunay na marunong kumilala ng utang na loob . . . at ang gayong saloobin ay muli't muling nabubuhay sa pagsapit ng okasyon para rito.

*Sa gayon, ang buhay ay nagiging isang patuloy na "Eukaristiya" – isang banal na pagpapasalamat, maligayang pag-aalay ng sarili sa Diyos at sa kapwa, bilang pagtulad at pakikiisa kay Hesus, na siyang nagturo ng tunay na kahulugan at iba't ibang uri at anyo ng utang na loob.*


